



Filipino

# Mga bakuna laban sa COVID-19

## Pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon – Pangunahing mga mensahe

Napapanahon noong ika-28 ng Disyembre 2021

### Pangunahing mga mensahe

- Ang mga batang may edad na 5-11 taon ay marapat na ngayong mabakunahan laban sa COVID-19.
- Inirerekomenda ng Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) ang bakunang Pfizer para sa mga batang may edad na 5-11 taon.
- Batay ito sa probisyonal na pag-apruba ng Therapeutic Goods Administration (TGA) sa paggamit ng bakunang Pfizer laban sa COVID-19 para sa mga batang nasa grupo ng edad na ito.
- Inirerekomenda ng ATAGI ang pormulang dosis para sa mga batang may edad na 5-11 taon na sangkatlong bahagi (one third) ng dosis na ibinibigay sa mga taong may edad na 12 taon pataas.
- Ang pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon ay inaasahang masisimulan sa ika-10 ng Enero 2022.
- Makukuha ang mga bakuna sa kalahok na mga klinika ng doktor, botika, Aboriginal Controlled Community Health Organisation at madaling gamiting pampamilyang mga sentro ng bakunahan ng Estado. Magkakaroon din ng ilang klinikang bakunahan sa komunidad, kabilang ang ilan sa mga paaralang primarya, sa panahon ng Term 1, 2022.

### Kaligtasan ng bakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon

- Nirepaso ng TGA at ATAGI ang klinikal na ebidensya at mga datos sa kaligtasan mula sa mga klinikal na pagsubok ng mga bakunang mRNA sa mga batang may edad na 5-11 taon at tunay na pandaigdigang mga datos mula sa paglunsad ng bakuna ng Estados Unidos sa grupo ng edad na ito.
- Sa klinikal na pagsubok sa bakunang Pfizer, na kinabilangan ng 3,100 mga bata, walang natuklasang mga alalahaning pangkaligtasan tungkol sa bakuna at walang malubhang mga side effect.
- Ang mga bakuna ay ibinibigay na sa mga batang may edad na 5-11 taon sa Estados Unidos (US), na halos 5 milyong mga bata ang nabakunahan na ng kanilang unang dosis. Sinisimulan na ang mga programa sa Canada, Europa, Israel at sa iba pang lugar.
- Ang [AusVaxSafety](#) ay nagsasagawa ng patuloy at masusing pagsubaybay sa kaligtasan ng bakuna sa Australya.

### Pagbabakuna para sa mga batang may kapansanan o partikular na mga pangangailangan

- Nagpapalano ng mga makukuhang mga opsyon at suporta para sa mga bata na maaaring may bahagyang pagkabalisa tungkol sa pagbabakuna o kaunting mga isyu sa pag-aasal, pati na rin ang mga batang may kapansanan sa pag-unlad, autism at/o mga isyung pandamdang (sensory issues).

- May makukuha ring mga serbisyo para sa mga bata na may mas malubhang pagkatakot sa iniksyon (needle phobia).

### Mga benepisyo ng pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon

- Ang nabakunahang mga bata ay tatanggap ng direktang proteksyon laban sa COVID-19.
- Bagama't ang mga bata at kabataan ay hindi malamang na magkaroon ng malubhang mga sintomas kung sila ay magkaka-COVID-19 kaysa sa mga taong nasa hustong gulang na, ang ilan ay maaari pa ring magkasakit nang malubha – kabilang dito ang mga bata na may umiiral na kondisyon, gaya ng sobrang katabaan, down syndrome, o cerebral palsy.
- Ang ilang bata at kabataan ay maaari ring magkaroon ng di-gumaling-galing na mga sintomas, nang mahigit sa isa o dalawang buwan makaraang mahawahan ng COVID, na tinatawag na Long-COVID (matagalang COVID), na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pagbabakuna.
- Maaaring magpasa ng COVID-19 ang mga bata - mahahadlangan ng pagbabakuna ang pagkahawahan sa ibang mga bata at mas matandang mga grupo ng edad, kabilang ang mga kapamilya na maaaring may mas mataas na panganib, gaya ng mga lolo at lola.
- Ang pagbabakuna ng mas maliliit na mga bata ay nangangahulugan din na mas maliit ang tsansa ng pagsasara ng mga paaralan sa hinaharap – ito ay tutulong sa mga bata na magkaroon ng mga pag-aaral na harapan, oras para sa paglalaro, paggawa ng iba't ibang aktibidad, at makasama ang kanilang mga kaibigan.

### Mga side effect ng pagbabakuna para sa mga bata

- Ang bakunang Pfizer ay ligtas at epektibong gamitin para sa mga batang may edad na 5-11 taon.
- Lahat ng mga bakuna ay may mga side effect, tulad ng anumang iba pang gamot. Ang mas malubhang mga side effect ay napakabihira.
- Maaaring dumanas ang mga bata ng karaniwan at inaasahang mga side effect matapos mabakunahan ng Pfizer gaya ng pananakit ng braso, sakit ng ulo at pagkapagod. Ang mga ito ay karaniwan lamang nagagamot ng paracetamol, at bihirang kailanganin ng mga bata na magpatingin sa doktor para gamutin.
- Ang karamihan sa mga side effect matapos mabakunahan ay nangyayari nang maaga sa loob ng unang 6-8 linggo, na walang inaasahang pangmatagalang mga side effect mula sa mga bakunang mRNA.
- Walang siyentipikong ebidensya na maaapektuhan ng mga bakuna ang pertilidad sa hinaharap at wala ni isa sa mga bakuna laban sa COVID-19 na ginagamit sa Australya ang nagsasanhi ng isterilisasyon/pagkabaog.

### Karagdagang impormasyon at mapagkukunan

- [Mga rekomendasyon ng ATAGI tungkol sa paggamit ng bakunang Pfizer laban sa COVID-19 sa mga batang may edad na 5 hanggang 11 taon | Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australya](#)
- [Probisyonal na naaprubahan ng TGA ang bakunang Pfizer laban sa COVID-19 para sa mga batang may edad na 5 hanggang 11 taon | Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australya](#)
- [Podcast ng Royal Children's Hospital](#)
- [Mga social script ng pagbabakuna laban sa COVID-19 - Amaze - sanggunian tungkol sa Autism](#)
- [VaxFACTS – Mga madalas itanong tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19](#)
- [Impormasyon sa pagbabakuna para sa mga bata at kabataan | Coronavirus Victoria](#)
- [Mga mapagkukunan tungkol sa kalusugang pangkaisipan para sa mga magulang at pamilya | Coronavirus Victoria](#)

- Upang tumanggap ng dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1300 651 160, gamit ang National Relay Service 13 36 77 kung kailangan, o mag-email sa [COVIDvaccination@dhhs.vic.gov.au](mailto:COVIDvaccination@dhhs.vic.gov.au)
- Authorised and published by the Victorian Government, 1 Treasury Place, Melbourne.
- © State of Victoria, Australia, Department of Health, December 2021.